9

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:8)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**



| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maria Idalyn L. Pagunsan |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:


A. Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa:
- pagpapaliwanag
- paghahambing
- pagbibigay-opinyon

B. Nasusuri ang pinanood na dulang panteatro na naka-*video clip* batay sa pamantayan.

# Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa mo muna ang gawain sa ibaba.

A. Tukuyin kung paano ginamit ang mga salita o pahayag na may salungguhit. Tukuyin kung ito ay **nagpapaliwanag**, **naghahambing** o **nagbibigay-opinyon**.



B. Mula sa mga halimbawang pahayag sa itaas, bigyang pagpapakahulugan ang sumusunod na mga salita sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| **PAGPAPALIWANAG** | ⇨ | |
| **PAGHAHAMBING** | ⇨ | |
| **PAGBIBIGAY-OPINYON** | ⇨ | |

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo ang kasanayang natutuhan sa nakaraang aralin. Balikan ito gamit ang gawain sa ibaba.

A. Itala sa ibaba ang tungkulin o gampanin ng isang ina at anak sa loob ng pamilya.

| INA | | ANAK |
|---|---|---|
| 1 | **TUNGKULIN O GAMPANIN SA PAMILYA** | 1 |
| 2 | | 2 |
| 3 | | 3 |
| 4 | | 4 |
| 5 | | 5 |

B. Kung susuriin, nagawa bang isakatuparan ng mga tauhan sa Noli Me Tangere ang kanilang tungkulin sa pamilya. Bigyang-pansin ang mga nakatalang karakter sa ibaba. Ipaliwanag kung naisakatuparan ng mga ito ang kanilang tungkulin sa isa't isa.

| TAUHAN | PAGPAPALIWANAG |
|---|---|
| Crisostomo Ibarra at Don Rafael Ibarra | |
| Sisa kina Crispin at Basilio | |
| Kapitan Tiyago at Maria Clara (di tunay na anak) | |

**Ano ba ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin? Isa-isahin.**


1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

# Pagpapakilala ng Aralin

May iba't ibang paraan ng pagpapahayag na ginagamit sa araw-araw na pakikipag-usap sa ibang tao. Ito ay isang praan ng pagsisiwalat ng ating nadarama, saloobin, paniniwala, opinyon at iba pa.


Sa pagbuo ng mga pangungusap mayroong mga ekpresyong ginagamit tayo upang higit na mapalitaw o maipakita ang layon ng ating pahayag. Ilan sa mga ito ay ang *pagpapaliwanag, paghahambing* at *pagbibigay-opinyon.*

**Pagpapaliwanag**




- Ang pagpapaliwanag ay ang pagpapahayag ng dahilan ng isang kilos o paniniwala upang mabigyang-linaw ang isang paksa o isyu. Maaring gamitin sa pagpapaliwanag ang mga hudyat ng sanhi at bunga.
- Kung mapapansin ang salitang may salungguhit sa usapan ay hudyat na ginagamit sa pagpapahayag ng dahilan. Sa pamamagitan nito naipaliliwanag at nabibigyang-linaw ang sanhi at bunga ng pangyayari.
- Ginagamit ang mga hudyat na dahil/dahil sa, sa kadahilanang, sapagkat, kaya/kaya naman, bunga nito, bilang resulta, at upang sa pagpapaliwanag.

**Paghahambing**




- Ito ay ang paghahalintulad o pagbibigay-diin sa kalamangan o pagkakatulad ng dalawang inihahambing.

Pansinin ang salitang sinalungguhitan sa itaas na larawan. Makikita na gumamit ng *mas, kaysa sa* at *kaysa kay* sa pagpapahayag na nagpapakita ng paghahambing. May dalawang uri ng paghahambing- Pahambing na Magkatulad at Pahambing na di Magkatulad.

**Pahambing na Magkatulad (patulad)**

Nagsasaad na magkatulad o magkapantay ang katangian ng pinaghahambing. Gumagamit ito ng mga panlaping tulad ng *sing/sin/sim, magsing,kasing,o ng mga salitang kapwa, pareho.*

Halimbawa:

Ang Lawa ng Laguna at Ilog Pasig ay **kapwa** marumi na ngayon.
**Parehong** maganda ang bulaklak ng rosas at santan.

**Pahambing na Di- Magkatulad**

Nagsasaad na di-magkatulad o magkapantay ang katangian ng pinaghahambing. Mayroon itong dalawang uri-ang *palamang* at *pasahol.*

**A. Pahambing na Palamang-** May katangiang nakahihigit sa pinaghahambingan. Ginagamitan ito ng mga salitang *higit, lalong, mas* at tinutulungan ng *kaysa* o *kaysa kay.*

Halimbawa:


Ang Ilog Pasig ay *higit* na marumi *kaysa sa* Lawa ng Laguna.
*Mas* maganda ang bulaklak ng rosas kaysa sa bulaklak ng santan.

**B. Pahambing na Pasahol-** ginagamit ito kung maliit ang agwat ng katangiang ng dalawang pinaghahambing. Ang mga hudyat na ginagamit sa pagpapahayag nito ay *di-gaano, di-gasino, di-masyado at tinutulungan* ng salitang *kumpara, kaysa/ kaysa kay.*

Halimbawa:

*Di-gaanong* marumi ang Lawa ng Laguna kaysa sa Ilog Pasig.
*Di-masyadong* maganda ang bulaklak ng santan kaysa sa rosas.

**Pagbibigay-opinyon**




- Ito ay pagbibigay ng pansariling pananaw o palagay sa isang napapanahong isyu. Ito ay mga pananaw na hindi maaaring mapatunayan kung tama o hindi. Ito ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng tao. Ang mga hudyat na ginagamit dito ay *sa tingin ko, kung ako ang tatanungin, sa aking palagay, para sa akin, nararamdaman ko* at iba pa
- Mapapansin mula sa halimbawang usapan ang paggamit ng *sa tingin ko* na siyang nagpalutang ng ideya ng pagbibigay-opinyon.

Halimbawa:

- Kung ako ang tatanungin, mas maganda ang panukala ng gobyerno na mag-*lockdown* para mabawasan ang bilang ng tinatamaan ng sakit na Covid-19.

# Gawain

**A.** Gamit ang link na nasa ibaba, panoorin at suriin ang mga ito at basahin ang nakatalang kabanata. Pumili lamang ng isang bahagi ng Noli Me Tangere na susuriin. Bigyang-pansin ang gawain sa susunod na pahina.

Noli Me Tangere Kabanata 1-12
https://www.youtube.com/watch?v=HD97bfpB20U
Noli Me Tangere Episode 2 Kabanata 13-18
https://www.youtube.com/watch?v=EL_-VwkotCI&t=7s
Noli Me Tangere Episode 3 Kabanata 19-22

https://www.youtube.com/watch?v=IdI8opbWmvg&t=1930s

| PAGSUSURI SA NOLI ME TANGERE |
|---|
| **Kuwento** (Bigyan ng maikling pagtalakay ang napanood at mahahalagang tagpo nito) |
| **Tema** (Napapanahon ba o hindi ang pelikula? Bigyan ng pagpuna at kaugnayan sa lipunang kinabibilangan) |
| **Pamagat** (Akma ba at makaagaw pansin ang pamagat ng pelikula? Patunayan) |
| **Tauhan** (Ipakilala ang mga tauhan at ipakita ang mga katangian nito) |

| Tauhan | Pagpapakilala |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Diyalogo (Pumili n**g tatlong diyalogong tumatak sa iyong isip batay sa napanood. Bigyan ito ng pagpapaliwanag.

| Diyalogo | Paliwanag |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | |
| 3 | |

**Musika (**Ano ang masasabi mo sa mga musikang ginamit?)

**Aral/Mahahalagang Kaisipan**
1.

2.

3.

**B.** Gamit ang kaalamang natamo sa loob ng napanood o nabasa, punan ng angkop na ideya ang mga gawain sa ibaba.


Gamit ang sariling pagpapahayag talakayin kung bakit inihalintulad ni Dr. Jose P. Rizal sa sakit na kanser ang sakit ng lipunan. Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

"Ang tagumpay o kabiguan ng isang bansa ay nakasalalay sa paniniwala ng mga mamamayan, na ang kapakanan ng sarili at kapakanan ng bansa ay hindi mapaghihiwalay." Ito ay linyang binitawan sa pinanood. Kung gayon, ano sa palagay mo ang nais nitong ipakahulugan. Ilahad ang iyong opinyon.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**C**. Gamit ang Venn Diagram, bigyan ng paghahambing ang mga tauhan sa loob ng napanood sa mga Pilipino sa kasalukuyan.




# Tandaan

Ang maayos na komunikasyon ay maisasagawa kung batid natin ang angkop na ekspresyon na gagamitin sa ating pagpapahayag. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

| | **Pagpapaliwanag** | **Paghahambing** | **Pagbibigay ng Opinyon** |
|---|---|---|---|
| **Kahulugan** | Pagpapahayag ng dahilan ng isang kilos o paniniwala upang mabigyang-linaw ang isang paksa o isyu. | Paghahalintulad o pagbibigay-diin sa kalamangan o pagkakatulad ng dalawang inihahambing. | Pagbibigay ng pan-sariling pananaw o palagay sa isang napapanahong isyu. Ito ay mga pananaw na hindi maaaring mapatunayan kung tama o hindi. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Angkop na Ekspesyon** | Hudyat ng sanhi at bunga; dahil/ dahil sa, kaya/kaya naman at iba pa | Sing/sin/sim, magsing, di-gaano, di-gasino at iba pa | Sa palagay ko, sa tingin ko, para sa akin, kung ako ang tatanungin at iba pa |

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng gawain sa ibaba.

**#WATCH and REACT**
Panuto: Panoorin ang mga napapanahong isyu ngayon gamit ang link na nasa ibaba. Bigyan ito ng angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng opinyon, pagpapaliwanag at paghahambing.

**Paksa**: Ilang pamilya sa Batangas nagkusang lumikas dahil sa banta ng pagsabog ng Bulkang Taal (Mula sa TV Patrol)
**Link:** https://www.youtube.com/watch?v=2vwMXAgRdjQ

**Pagpapaliwanag** (Itala ang posibleng sanhi at bunga ng pangyayari)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Pagbibigay ng opinyon** (Ilahad ang inyong opinyon kaugnay ng paghahandang isinasagawa ng lokal na pamahalaan kaugnay ng pag-aalburuto ng Bulkang Taal)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Paghahambing** (Itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangyayari sa napanood na bidyo sa nangyari noong nakaraang taon)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Paksa:** HIGHEST IN 6 MONTHS' New COVID-19 infections now at 4,578; active cases now over 52K (Mula sa 24 Oras)
**Link:** https://www.youtube.com/watch?v=kH7PHwTXoyw

**Pagpapaliwanag** (Itala ang posibleng sanhi at bunga ng mga pangyayari)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Pagbibigay ng opinyon** (Ilahad ang inyong opinyon kaugnay ng mga programang isinasagawa ng pamahalaan kaugnay ng pagtaas ng bilang ng tinatamaan ng sakit)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Paghahambing** (Itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangyayari sa napanood na bidyo sa nangyari noong nakaraang taon)

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Paksa:** Inflation rate, umakyat sa 4.7% noong Pebrero (Mula sa Frontline Pilipinas)
**Link:** https://www.youtube.com/watch?v=2dIYaLMuV3g

**Pagpapaliwanag** (Itala ang posibleng sanhi at bunga ng pangyayari)

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Pagbibigay ng opinyon** (Ilahad ang inyong opinyon kaugnay ng aksyong ginagawa ng pamahalaan sa isyu ng pagtaas ng inflation rate sa bansa)

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Paghahambing** (Itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangyayari sa napanood na bidyo sa nangyari noong nakaraang taon)

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Tukuyin ang paraan sa pagpapahayag ng damdamin na ginamit sa mga pahayag sa ibaba. Isulat sa patlang ang letra ng inyong sagot.

| A. Pagpapaliwanag | B. Paghahambing | C. Pagbibigay ng opinyon |
|---|---|---|

______1. Hindi napigil ni Ibarra ang kaniyang sarili dahil sa narinig niyang ginawa sa bangkay ng kaniyang ama.
_____ 2. Sa palagay ko, nabaliw si Sisa dahil sa kahirapan.
_____ 3 Ang buhay noon ay higit na mahirap kaysa sa buhay ngayon.
_____ 4. Nagtago si Basilio sapagkat labis ang takot niya sa mga guwardiya sibil.
_____ 5.Di-hamak na makatuwiran ang pahayag ni Ibarra kaysa kay Padre Damaso.
_____ 6. Bunga ng pagkawala ng kaniyang mga anak, nabaliw si Sisa.
_____ 7. Sa tingin ko, tama si Rizal na ang sakit ng lipunan ay tulad ng kanser.
_____ 8. Kapuwa makapangyarihan ang kura at alperes.
_____ 9. Sa palagay ko, tunay ang pagmamahal ni Maria Clara kay Ibarra.
_____10. Lalong mahalaga ang pag-ibig sa bayan kaysa ano pa man.

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A**

1. Pagpapaliwanag
2. Pagbibigay-opinyon
3. Paghahambing
4. Pagpapaliwanag

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. A
2. C
3. B
4. A
5. B
6. A
7. C
8. B
9. C
10. B

# Sanggunian

https://frontlearners.com/blended/pluginfile.php/7473/mod_resource/content/1/index.html
Noli Me Tangere Kabanata 1-12
https://www.youtube.com/watch?v=HD97bfpB20U
Noli Me Tangere Episode 2 Kabanata 13-18
https://www.youtube.com/watch?v=EL_-VwkotCI&t=7s
Noli Me Tangere Episode 3 Kabanata 19-22
https://www.youtube.com/watch?v=IdI8opbWmvg&t=1930s